

Mahal naming Lisensiyado

## Mga COVID-19 na paghihigpit para sa mga Strip Club, Bahay-aliwan at Escort Agency – Hakbang 3.1

Dahil sa malakas na suporta at proactive na pagsunod ng mga negosyo at ng ating komunidad sa mga Kautusan sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Directions) hanggang sa ngayon, magkakaroon ng mga pagbabago sa mga COVID-19 na paghihigpit, kabilang ang muling pagbubukas ng ilang mga sektor na isinara mula pa noong Marso.

Ang layunin ng liham na ito ay magbigay sa iyo ng paunang impormasyon tungkol sa maaasahang makita ng negosyo na nakabalangkas sa susunod na Kautusan sa Pampublikong Kalusugan upang suportahan ang iyong plano sa pagsulong.

Ipinahayag ng Pamahalaang ACT at Punong Opisyal sa Kalusugan ng ACT (Act Chief Health Officer) na simula **ika-9 ng umaga sa Lunes, 10 Agosto 2020**, ang sumusunod na mga pagbabago ay ipapatupad para sa iyong sektor, sa ilalim ng Stage 3, Hakbang 3.1 ng Plano sa Pagbawi ng Canberra (Canberra's Recovery Plan):

### Ano ang babaguhin:

Ang mga lugar ng Strip Club, Bahay-aliwan at Escort Agency ay maaaring muling magbukas, kung sila ay tutupad sa sumusunod na mga paghihigpit:

- Ang pag-okupa ay batay sa isang kliyente sa bawat 4 na metro kuwadrado ng magagamit na espasyo, na hanggang sa pinakamaraming bilang na 100 kliyente (hindi kasama sa bilang ang mga kawani).
- Ang kahingian (requirement) na magdisplay ng karatula sa pasukan ng lugar kung saan nakasaad ang pinakamaraming bilang na maaaring umokupa ng lugar.
- Dapat hingin ng lahat ng lugar ang unang pangalan at kontak na numero ng telepono (para sa mga layunin ng contact tracing) ng bawat taong dumadalo at, kung ibinigay, magtabi ng rekord ng mga detalyeng ito kasama ang petsa at oras kung kailan dumalo ang tao.
- Ang mga kliyente ay hindi dapat patayo-tayo habang umiinom. Sila ay dapat manatiling nakaupo sa bar man o sa mesa.
- Lahat ng lugar ay kailangang bumuo ng COVID-19 na Plano sa Kaligtasan (COVID-19 Safety Plan) **sa pagsapit ng ika-9 ng umaga sa Lunes, 18 Agosto 2020**. Ang lugar ay dapat sumunod sa Plano, at dapat itong ipakita kapag hiniling ng isang awtorisadong tao.
  - Ang impormasyon kung ano ang dapat ilagay sa COVID na Plano sa Kaligtasan ay matatagpuan [dito](#).
  - Ang template ng COVID-19 na Plano sa Kaligtasan ay matatagpuan [dito](#).

Iminumungkahi na, hangga't maisasagawa, ang sumusunod na mga hakbang sa pagbawas ng panganib ay ilalapat sa inyong lugar:

- Dapat maingat na pamahalaan ng mga pasilidad ang pasukan, labasan at daloy ng mga bisita sa kanilang lugar.
- Panatilihin ang pansariling kalinisan, kabilang ang regular na paghuhugas ng kamay.
- Limitahan ang oras ng mga kliyente/parukyano sa lugar nang mas mababa sa dalawang oras; at panatilihin ang mga taong ito sa iisang bahagi ng lugar hangga't maaari.
- Manatili sa bahay kung masama ang pakiramdam at magpasuri kung ikaw ay may mga sintomas ng COVID-19.
- Dapat dalasan ng mga pasilidad ang paglilinis sa mga bahagi na madalas hawakan at mga banyo.
- Iwasan ang mga serbisyo na may kasamang halik at harap-harapang ugnayan.
- Bawasan ang panggitgitang hangga't maaari at itaguyod ang pisikal na pagdistansiya sa tulong ng mga tanda (markers) sa sahig sa mga lugar kung saan maaaring hilingang pumila ang mga tao.
- Tiyakin na ang pag-upo sa mga hintayang lugar (waiting areas) ay sumusunod sa pisikal na pagdistansiya na 1.5 metro, ibahin ang pagkakaayos kung kinakailangan. Kung ang lugar ay may maramihang hintayang kuwarto (waiting rooms), limitahan ang maaaring umokupa sa bawat kuwarto, hangga't maaari, sa isang kliyente sa bawat kuwarto.

Ang patnubay na partikular para sa iyong industriya, na kinabibilangan ng mga punto sa itaas, pati na rin ng karagdagang impormasyon, **ay kalakip ng sulat na ito para sa impormasyon.**

Patuloy na gawain sa pagsunod:

- Ang pagsunod sa kasalukuyang Kautusan sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Direction) ay mahalaga sa pagsuporta sa kaligtasan ng komunidad. Ang Access Canberra, ang Health Protection Service (Serbisyonang Proteksyon sa Kalusugan) at ACT Policing ay patuloy na nagsasagawa ng mga proactive na pag-tsek sa mga negosyo upang suportahan ang pagsunod at kaligtasan ng komunidad alinsunod sa kasalukuyang Kautusan sa Pampublikong Kalusugan.
- Ang hindi pagsunod sa mga Kautusan sa Pampublikong Kalusugan ay maaaring humantong sa aksyong pangregulasyon at maaaring lapatan ng mabibigat na parusa.

Patnubay, susunod na mga hakbang, saan makakakuha ng karagdagang impormasyon:

- Ang karagdagang impormasyon ay makukuha sa [website ng COVID-19](#) ng Pamahalaang ACT.
- Ang Pangkat ng Tagapag-ugnay ng Negosyo (Business Liaison Team) na Access Canberra ay bukas upang sagutin ang mga katanungan o magbigay ng payo. Ang pangkat ay maaaring tawagan sa (02) 6205 0900.
- Ang Kautusan sa Pampublikong Kalusugan na sumasalamin sa Stage 3, Hakbang 3.1 na mga pagbabago ay inaasahan na mailathala sa 7 Agosto 2020. Ito ay makukuha [sa link na ito](#).

Mahalagang tandaan na ang mga pagbabagong ito ay magkakabisa **sa ika-9 ng umaga sa Lunes, 10 Agosto 2020**. Hanggang sa panahong ito, ang kasalukuyang Kautusan ng Pampublikong Kalusugan ay mananatiling may saysay at ang mga negosyo, industriya at komunidad ay dapat sumunod sa kautusang ito.

Ang iyong patuloy na kooperasyon at proactive na pagsunod sa Kautusan ng Pampublikong Kalusugan ay labis na pinahahalagahan habang sinisikap naming suportahan ang kaligtasan ng ating komunidad at pagbawi ng Canberra mula sa COVID-19.

Taos-pusong sumasaiyo



Conrad si Barr  
Ehekutibong Tagapamahala sa Sangay  
Pangkalusugang proteksyon serbisyo

Emily Springett  
Ehekutibong Tagapamahala sa Sangay  
Access Canberra